

**Programang "AED Anywhere for Anyone" (AED Saanman para sa Lahat o "AAA") ng Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pamatay-Sunog (Fire Services Department o FSD)**

Layunin ng Programang "AED Anywhere for Anyone" ("AAA") ng Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pamatay-Sunog ng Hong Kong (FSD) na mapadali ang pagbibigay at paggamit ng automated external defibrillator (AED) sa komunidad. Ang FSD, sa pakikipagtulungan sa iba't ibang sektor ng komunidad, ay naglalayong progresibong mapalaki ang dami ng mga AED na magagamit ng publiko sa Hong Kong, pati na rin mapahusay ang pampublikong kamalayan at kakayahang gamitin ang AED nang maagap sa mga pang-emergency na sitwasyon, na may pananaw na protektahan pa ang buhay sa Hong Kong. Na-upload na ang impormasyon tungkol sa mga AED sa ilalim ng Programa sa online na platform na Centralized AED Registry for Emergency (Sentralisadong Rehistro ng AED para sa Emergency o CARE) ng FSD, kung saan puwedeng makakuha ang mga mamamayan ng mga lokasyon at detalye ng mga available na AED para sa mga mapanubok na sitwasyon. Nagbibigay rin ang FSD ng komprehensibo at angkop na suporta para sa mga nakikilahok na organisasyon at nagboluntaryong tagatugon sa komunidad. Ang mga detalye ay ang sumusunod:

Maaring sumali ang pangkalahatang publiko sa programang "AAA" ng FSD sa dalawang paraan



Direktang iparehistro ang mga AED mo sa online na platform ng impormasyon ng FSD na "CARE"




Magpatala para sumali sa programang "AAA" ng FSD. Magbibigay ang FSD ng sumusunod na mga pansuportang serbisyo




- Magbigay ng mga sesyon ng briefing para sa CPR at AED
- Magbigay ng detalyadong pagsasanay sa CPR at AED
- Magbigay ng payo sa pagbili at mga kaugnay na pang-emergency na hakbang
- Magbigay ng payo tungkol sa pagpapanatili ng AED
- Magbigay ng onsite na inspeksyon para i-optimize ang pag-install at paggamit ng AED
- Magbigay ng balangkas para sa pagsagip at pamamaraan ng paggamit ng mga AED

Mahahalagang Impormasyon tungkol sa **Automated External Defibrillator (AED)**




# Paano Gumamit ng mga AED




1 Buksan ang AED



5 Ipagpatuloy ang pagsasagawa ng CPR



2 Ilapat ang mga electrode pad






4 Mag-apply ng electric shock batay sa mga tagubilin ng AED



3 Awtomatikong pagsusuri ng pagtibok ng puso

# “AED Anywhere for Anyone”

(AED Saanman para sa Lahat)



“AED Anywhere for Anyone”



香港消防處  
Hong Kong Fire Services Department  
www.hkfsd.gov.hk